

Breast Cancer

Cancer cells are abnormal cells. Cancer cells grow and divide more quickly than healthy cells. Some cancer cells may form growths called tumors. All tumors increase in size, but some tumors grow quickly, others slowly. Cancer cells can spread to other parts of the body through the blood and lymph systems. This is called **metastasis**.

Breast cancer is when cancer starts in the breast. Breast cancer can be found by mammogram, by a woman feeling a lump or by a doctor's exam. To find breast cancer, it is important to:

- Do monthly self breast exams.
- Have a yearly exam by your doctor if you are over 40. These are done less often for younger women.
- Have a mammogram each year after age 40.

Breast Tissue

A woman's breasts may feel more firm and lumpy before menopause. A woman has less estrogen after menopause, so the breasts feel much softer and less lumpy.

The firm, lumpy tissue can hide a small lump making it hard to feel. By checking your breasts each month, you become familiar with your breast tissue and notice changes. Small lumps can also be found by a mammogram or by a doctor during your exam. Some lumps are so small that only a mammogram can find them.

Kanser sa Suso

Ang mga selula ng kanser ay di-pangkaraniwang mga selula. Mas mabilis na tumutubo at nahahati ang mga selula ng kanser kaysa malusog na mga selula. Maaaring maging tumor ang ibang mga selula ng kanser. Ang lahat ng mga tumor ay lumalaki, ngunit ang ibang mga tumor ay mabilis na tumutubo, at ang iba naman ay mabagal ang pagtubo. Maaaring kumalat ang mga selula ng kanser sa ibang mga bahagi ng katawan sa pamamagitan ng dugo at sistemang limpatika. Ang tawag dito ay **metastasis**.

Ang kanser sa suso ay nagsisimula sa suso. Maaaring matuklasan ang kanser sa suso sa pamamagitan ng mammogram, kapag nakakapa ang isang babae ng bukol, o sa pamamagitan ng pagsusuri ng isang doktor. Upang matuklasan ang kanser sa suso, mahalagang:

- Suriin buwan-buwan ang sariling mga suso.
- Magpasuri sa iyong doktor taun-taon, kung ikaw ay lampas 40. Ang mga pagsusuri ay mas madalang para sa mga naka-babata.
- Magpa-mammogram taun-taon paglampas ng edad 40.

Himaymay ng Suso

Ang mga suso ng isang babae ay maaaring maging mas matigas at mabukol bago mag-menopawsiya. Mas kakaunti ang estrogen ng isang babae pagkatapos ng menopawsiya, kung kaya't ang mga suso nito ay mas malambot at hindi masyadong mabukol.

Ang matigas at mabukol na himaymay ay maaaring magtago ng maliit na bukol, na mahirap makapa. Sa pamamagitan ng buwan-buwang pagsusuri ng iyong mga suso, magiging pamilyar ka sa iyong himaymay ng suso at makakapansin ng mga pagbabago. Ang maliit na mga bukol ay maaari ring matuklasan sa pamamagitan ng mammogram o habang nagpapasuri sa iyong doktor. Ang ibang mga bukol ay sobrang liit na tanging mammogram lamang ang makatutuklas.

Tests

If a lump is found, a mammogram or ultrasound will be done. A biopsy is often done to check if the lump is cancer and if so, what type. A biopsy is a procedure to remove tiny pieces of tissue. The samples are then checked by a doctor. If the biopsy finds cancer, more tests may be done to see if the cancer has spread to other parts of your body.

Types of Treatment

Based on your biopsy results and the type of cancer, you and your doctor will decide the best treatment for your breast cancer. Here are the treatments that may be done:

Surgery

Surgery is done to remove as much of the cancer as possible. Either the whole breast is removed, called **mastectomy**, or a part of the breast is removed, called **lumpectomy**. With either surgery, lymph nodes under the arm are checked for cancer. You and your doctor may also talk about **reconstruction surgery**. This surgery is done to create the look of a normal breast.

You may still need to have more treatment. Having a mastectomy or lumpectomy does not guarantee that the breast cancer is gone from the entire body. Small cancer cells that are too small to detect may remain in the body.

Mga Pagsusuri

Kapag nakatuklas ng bukol, ang mammogram o ultrasound ay isinasagawa. Madalas na ginagawa ang biyopsis upang malaman kung ang bukol ay kanser. Kung ito ay kanser, inaalam ang uri. Ang biyopsis ay isang pamamaraan upang tanggalin ang maliit na mga piraso ng himaymay. Ang mga muwestra ay pinasusuri sa doktor. Kapag natuklasan ang kanser sa pamamagitan ng biyopsis, maaaring magpagawa ng mas marami pang mga pagsusuri, upang malaman kung ang kanser ay kumalat na sa ibang mga bahagi ng iyong katawan.

Mga Uri ng Lunas

Base sa resulta ng iyong biyopsis at uri ng kanser, ikaw at ang iyong doctor ay magpapasiya kung ano ang pinaka-mainam na lunas sa iyong kanser sa suso. Narito ang ilan sa mga lunas:

Siruhiya

Ginagawa ang siruhiya upang tanggalin ang kanser hangga't maaari. Kapag tinanggal ang buong suso, ang tawag dito ay **mastectomy**. Kapag bahagi lamang ng suso ang tinanggal, ang tawag dito ay **lumpectomy**. Sa parehong siruhiya, ang mga buko ng limpa sa ilalim ng kili-kili ay sinusuri kung may kanser. Maaari ka ring makipag-usap sa iyong doktor ukol sa **operasyong pagbabagong-tatag**. Ang siruhiyang ito ay ginagawa upang bumuo ng kahawig ng tunay na suso.

Maaari ka pa ring mangailangan ng iba pang mga lunas. Ang pagkakaroon ng mastectomy o lumpectomy ay hindi garantiya na nawala na ang kanser sa suso sa buong katawan. Ang sobrang liit na mga selula ng kanser na mahirap mahanap ay maaaring manatili sa katawan.

Radiation Therapy

When a lumpectomy is done, it is often followed by **radiation therapy**. Radiation therapy is done to treat the entire breast. Radiation therapy often begins 4 to 6 weeks after surgery.

Hormone Therapy and Chemotherapy

Treatment may be needed to target cancer cells that may be remaining in the body. It may be done before surgery to shrink a tumor or after surgery to kill cancer cells that may have spread or that remain in the body.

- **Hormone therapy** is medicine in pill form taken to work against estrogen in the body. The most common side effect is signs of menopause.
- **Chemotherapy** is medicine given in an IV (intravenous) tube in a vein or as a pill. The medicine kills cancer cells. Common side effects include feeling tired, hair loss and nausea. These side effects are often temporary.

Talk to your doctor or nurse if you have any questions or concerns.

Teraping Radyasyon

Matapos isinagawa ang lumpectomy, kadalasang sinusundan ito ng **teraping radyasyon**. Ang teraping radyasyon ay ginagawa upang gamutin ang buong suso. Kadalas ay nagsisimula ang teraping radyasyon 4 hanggang 6 na mga linggo matapos ang siruhiya.

Hormone Terapi at Kemoterapi

Maaaring mangailangan ng lunas upang maasinta ang mga selula ng kanser na naiwan sa katawan. Ito ay maaaring gawin bago ang siruhiya upang paliitin ang tumor, o pagkatapos ng siruhiya upang patayin ang mga selula ng kanser na maaaring kumalat na o nanatili pa sa katawan.

- Ang **Hormone terapi** ay gamot na iniinom upang manlaban sa estrogen na nasa katawan. Ang pangkaraniwang masamang epekto ay mga tanda ng pagmemenopawsiya.
- Ang **Kemoterapi** ay gamot na binibigay sa pamamagitan ng paggamit ng tubong IV (sa ugat) o bilang isang tableta. Pinapatay ng gamot na ito ang mga selula ng kanser. Ang pangkaraniwang mga masamang epekto ay ang panghihina, paglagas ng buhok at pagkahilo. Ang mga masamang epekto na ito ay madalas na panandalian lamang.

Mangyaring makipag-usap sa iyong doktor o nars kung mayroon kang mga tanong o mga pag-aalala.

2/2008. Developed through a partnership of The Ohio State University Medical Center, Mount Carmel Health and OhioHealth, Columbus, Ohio. Available for use as a public service without copyright restrictions at www.healthinfotranslations.org.

Breast Cancer. Tagalog